# Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 30
# Pagbulay bulay mula sa Awit 26
# Ang Paglilinis ng Dios pagkatapos ng laban

"1 Iyong hatulan ako Oh Panginoon, sapagka't ako'y lumakad sa aking pagtatapat: ako naman ay tumiwala sa Panginoon, na walang bulay-bulay. 2 Siyasatin mo ako, Oh Panginoon, at iyong subukin ako; subukin mo ang aking puso at ang aking isip. 3 Sapagka't ang iyong kagandahang-loob ay nasa harap ng aking mga mata: at ako'y lumakad sa iyong katotohanan. 4 Hindi ako naupo na kasama ng mga walang kabuluhang tao; ni papasok man ako na kasama ng mga mapagpakunwari. 5 Aking pinagtataniman ang kapisanan ng mga manggagawa ng kasamaan, at hindi ako uupo na kaumpok ng masama. 6 Aking huhugasan ang aking mga kamay sa pagkawalang sala; sa gayo'y aking lilibirin ang iyong dambana, Oh Panginoon: 7 Upang aking maiparinig ang tinig ng pagpapasalamat, at maisaysay ang lahat na iyong kagilagilalas na gawa. 8 Panginoon, aking iniibig ang tahanan ng iyong bahay, at ang dako na tinatahanan ng iyong kaluwalhatian. 9 Huwag mong isama ang aking kaluluwa sa mga makasalanan, ni ang aking buhay man sa mga mabagsik na tao: 10 Na ang mga kamay ay kinaroroonan ng kasamaan, at ang kanilang kanan ay puno ng mga suhol. 11 Nguni't tungkol sa akin ay lalakad ako sa aking pagtatapat: iyong tubusin ako, at mahabag ka sa akin.12 Ang aking paa ay nakatayo sa isang panatag na dako: sa mga kapisanan ay pupurihin ko ang Panginoon." (Awit 26:1-12)

Habang ikaw ay namumuhay at ginagawa ang tawag ng Diyos iyong buhay, may mga pagsubok, pagsalungat, paguusig, gawa ng dyablo, sabwatan, paglaki at pagliit sa laban ng mga kaaway, maari kang manghina, magsiklab, kahit matukso, ang iyong paguugali at katangian ay maaring mabago, ang iyong ugnayan sa mga taong nasa paligid mo ay maaring maapektuhan, ang mga tao ay iiwanan ka, ang iba'y aatakehin ka at ilan sa iba ay pupunahin ka. Sa lahat ng ito, ang larawan ay maaring hind malinaw sayo at sisimulan mong tingnan at obserbahan ang iyong sarili, ang mga tao at ang mga pangyayari na nasa paligid mo. Tulad ng katiyakan pangigipit ng lahat ng iyon sa ganoong sandali ikaw ay iiyak katulad ni David na umiyak sa Diyos sa Awit 26.

"1 Iyong hatulan ako Oh Panginoon, sapagka't ako'y lumakad sa aking pagtatapat: ako naman ay tumiwala sa Panginoon, na walang bulay-bulay." (Awit 26:1) Hingin ulit sa Diyos na maging sentro ng iyong buhay at sa gitna ng lahat ng mga pangyayari at kaganapan at ng mga tao na iyong pinagdadaanan. Hingin sa Diyos na hatulan ang sitwasyon at itaguyod ka at ibigay sayo ang iyong karapatan. "Ako'y lumakad sa aking pagtatapat: Namuhay ako ng walang kasalanan. Habang ikaw ay nagtitiwala sa Diyos at nabuhay at namumuhay sa kabanalan at sa takot sa Panginoon, sa gayon hindi ka madudulas, ni mahulog o malagay sa kahihiyan. Ang Panginoong Diyos ay alam ang lahat tungkol sayo at kung paano ka katapat maglingkod sa Kanya at sumusunod sa katotohanan ng Kanyang Salita. Ang Diyos ay gagantimpalaan ka sa Kanyang kagandahang-loob, sa Kanyang awa tulad ng iyong ipinahayag, "3 Sapagka't ang iyong kagandahang-loob ay nasa harap ng aking mga mata: at ako'y lumakad sa iyong katotohanan." (Awit 26:3)

"2 Siyasatin mo ako, Oh Panginoon, at iyong subukin ako; subukin mo ang aking puso at ang aking isip." (Awit 26:2) Hingin sa Diyos, ang Banal na Espiritu, upang siyasatin ka at upang subukin ka; ito ay mahalaga upang ang kaisipan at ang motibo ng iyong puso at isip ay ?masubukan at kung may kasalanan, kapaguran at pagkakamali, lahat ay maiisiwalat at ipagtatapat mo sila at tatalikuran sila.

Kapag ikaw ay nasa espirituwal na laban at ikaw ay inaatake sa iba't ibang direksyon, maari kang makagawa ng mga kasalanan at mga pagkukulang na hindi mo namamalayan tulad ng galit, kawalang galang, sariling katuwiran, pagkabalisa, pagaalala, pagpapahayag ng takot at pagdududa, pagmamaktol, pagrereklamo, at pagpapahayag ng walang pagtitimpi, negatibong kaisipan, walang pasintabing pananalita. Ang lahat ng bagay na ito ay kailangang malinaw sa harapan ng Diyos; na kailangan maipagtapat at talikuran upang ang Diyos ay malugod at gagawa ng makapangyarihan sa iyong ngalan.

Sa yugtong ito ng pagtawag ng Diyos sa iyong buhay, lumapit sa Kanya sa pagsisisi; tawagan ang tulong ng Banal na Espiritu sa lahat ng iyong mga kasalanan at kapintasan, pagsisihan ang lahat ng iyon, at talikuran ang lahat ng iyong negatibong saloobin at maling pagkilos, desisyon at mga hakbangin, magtiwala sa Diyos na patatawarin ka

Niya, ibabalik ka at gagawing kang karapatdapat upang magpatuloy upang tapusin ang takbuhin na itinalaga Niya para sayo.

"6 Aking huhugasan ang aking mga kamay sa pagkawalang sala; sa gayo'y aking lilibirin ang iyong dambana, Oh Panginoon: 7 Upang aking maiparinig ang tinig ng pagpapasalamat, at maisaysay ang lahat na iyong kagilagilalas na gawa." (Awit 26:6-7) Habang nagsisisi ka at nalinis mula sa iyong mga kasalanan, sa gayon ang iyong kamay ay malinis, at maari kana magpatuloy at makisama sa Diyos at muli ay mapuno ka ng Banal na Espiritu, ng may kagalakan at kapayapaan pagkatapos ay kakanta kana at bibigkasin ang mga salita, mananalangin, at magdedebosyon, magsimulang maglingkod sa Diyos, at ipangaral ang mensahe na nagpapahayag ng kagilagilalas na gawa ng Diyos.

"8 Panginoon, aking iniibig ang tahanan ng iyong bahay, at ang dako na tinatahanan ng iyong kaluwalhatian." (Awit 26:8) Habang ikaw ay lumalapit sa Diyos at habang ikaw ay tumugon sa Kanyang tawag sa iyong buhay sa gayon makikita mo ang iyong sarili na naglilingkod sa Panginoon itinatayo ang Kanyang simbahan at ang ministerio na itinayo Niya sa lupa upang abutin ang nawawalang kaluluwa at mapanatili ang mga alagad haggang siya ay dumating at kunin tayo kasama Niya. Ang iyong pagibig sa Diyos ay maipakita sa paraan ng pagibig mo sa Kanyang simbahan at ang iyong dedikasyon na maging alagad ng simbahan.

"4 Hindi ako naupo na kasama ng mga walang kabuluhang tao; ni papasok man ako na kasama ng mga mapagpakunwari. 5 Aking pinagtataniman ang kapisanan ng mga manggagawa ng kasamaan, at hindi ako uupo na kaumpok ng masama." (Awit 26:4-5) Muli ipangako mo ang iyong sarili sa Diyos na hindi mo isasama ang iyong sarili sa mga gumagawa ng masama, mapanirang puri, mga tsismosa, o sa mga napopoot sa Diyos at sa Kanyang Salita. Ang kabanalan at pagtugon sa tawag ng Diyos sa iyong buhay ay para lumayo mula sa masasama at sa kanilang mga pagtitipon, at upang lumapit sa Diyos. Wala kang magagawa sa mga masasama at hindi mo kailangan makipagkasundo sa kanila at sa kanilang masamang gawain at pakikikompromiso.

Samakatuwid habang sinusunod mo at namuhay ng isang uri ng buhay na malayo mula sa daan ng masasama maaari kang manalangin nang may kumpiyansa sa Diyos, "9 Huwag mong isama ang aking kaluluwa sa mga makasalanan, ni ang aking buhay man sa mga mabagsik na tao:10 Na ang mga kamay ay kinaroroonan ng kasamaan, at ang kanilang kanan ay puno ng mga suhol." (Awit 26:9-10) Ang masama sa buhay ay naglalayon para sa makasariling pakinabang, kasakiman sa pera, hindi tapat na pakinabang, at hangarin pa ng higit sa makamundong mga bagay. Nilalayon pa rin nilang makakuha ng mga maling paraan at pamamaraan. Maari silang magsinungaling, magnakaw, kumuha o tumanggap ng suhol upang makamit ang masama nilang nais. Kailangan mong lumayo sa lahat ng iyon at iwasang makisangkot sa lahat ng gayong masamang gawi at gawain. Samantalang habang sinusunod mo ang Diyos at pinapanatili mo ang iyong sarili na dalisay mula sa masama at mula sa gawa ng mga gumagawa ng masama, ang Panginoon ay pagpapalain ka at iingatan ang iyong buhay at sisiguraduhin sayo ang buhay na walang hanggan na natanggap mo sa pamamagitan ni Jesu-Cristo ating Panginoon.

Ang tagumpay ng iyong ministerio at pagiging mabunga nito ay tumutukoy sa iyong pangako upang magpatuloy mabuhay ng isang buhay na walang kapintasan at ingatan ang iyong katapatan sa mga bagay na iyong sinabi at ginawa. Sa gayon ipagkatiwala ang iyong sarili sa Diyos at sabihin sa Kanya ang sumusunod: "11 Nguni't tungkol sa akin ay lalakad ako sa aking pagtatapat: iyong tubusin ako, at mahabag ka sa akin." (Awit 26:11) Ang Panginoon ay sasagutin ang iyong mga dalangin at ipagpatuloy na pamunuan ka, ipakita sayo ang awa, at iligtas ka sa labas mula sa mga pagsubok at tubusin ka mula sa mga kamay ng masasama bilang iyong ibinibigay ang iyong buhay para sa Kanya at mabuhay para sa Kanya at ingatan ang iyong sarili na dalisay mula sa lahat ng masasamang gawa.

Sa aking mahal at minamahal: Ang wakas na kinahinatnan ng iyong buhay bilang ipinamuhay ito para sa Diyos at sa ayon sa Kanyang Salita ay ang sumusunod: "12 Ang aking paa ay nakatayo sa isang panatag na dako: sa mga kapisanan ay pupurihin ko ang Panginoon." (Awit 26:1-12) Sa wakas ay tatayo ka sa isang matatag at matibay na lupa, lumalago at namukadkad kay Cristo, at sa gitna ng Kanyang simbahan, naglilingkod sa Kanya at isinisiwalat ang kalooban ng Diyos at ang Kanyang layunin sa buhay ng Kanyang simbahan at sa buhay ng Kanyang mga tao.

Ang aking panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sa harapan mo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa kamatayan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Panginoon salamat sa iyong salita sa Awit 26. Panginoon sa estadong ito ng aking buhay at paglilingkod sayo, Hinihiling ko Panginoon na siyasatin ang aking puso at isip para sa aking pagnanasang magpatuloy na maglingkod sayo at mabuhay sa kabanalan, at sa katotohanan ng iyong Salita.

Panginoon nagsisisi ako at itinakuwil ang sumusunod na mga kasalanan:

Hingin sa Diyos ang kapatawaran para sa iyong galit, walang pagpapatawad, kagaspangan, kabalisaan, walang pagtitiyaga, negatibong saloobin, walang ingat na mga salita, takot at mga pagdududa.

Panginoon ako ay may kumpiyansa lumapit sa trono ng biyaya sapagka't alam ko na ako'y pinatawad mo. Panginoon hatulan ako mula sa gawa ng mga gumagawa ng masama, wala akong kinalaman sa kanila at sa kanilang mga gawa.

Panginoon hinuhugasan ko ang aking mga kamay mula sa bawat gawa ng masama na maaring napasangkot habang hinarap ko ang gumawa ng masasama noon.

Panginoon natatakot ako sa iyong pangalan at ako'y nagtitiwala na ikaw ang mangunguna sa akin upang magkaroon ng buhay na walang kapintasang buhay; iligtas mo ako at maawa ka sa akin. Ang aking paa ay nakatayo sa isang panatag na dako: sa mga kapisanan ay pupurihin ko ang Panginoon at magpapatuloy na maglingkod Sayo.

Panginoon ipinapanalangin ko anga aking kapatid na Lalaki at Babae na ipinagkatiwala ang kanilang buhay upang paglingkuran ka at handang sumunod sa layunin ng iyong Salita na aming natutunan mula mensaheng ito, Panginoon protektahan mo sila mula sa mga kaaway, at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon bigyan mo sila ng higit ng bunga ng Banal na Espiritu; higit ng pagibig, kagalakan, kapayapaan, kahinahunan, kabutihan, pagtitiyaga, pagpipigil sa sarili at mahabang pagdurusa upang maging katangian at paguugali ng katulad mo.

Panginoon ako'y nanalangin para sa amin bilang isang simbahan punuin mo ulit kami ng Banal na Espiritu. Kunin mo kami at akayain kami sa kung saan mo nais na kami ay pumunta at kumilos. Panginoon kami'y nanalangin na bigyan kami pa ng higit na mga kaloob ng Banal na Espiritu na kailangan namin upang pumunta at maglingkod sayo, upang magebanghelyo at abutin ang bagong bayan at idisipolo sila. Panginoon tulungan kami upang makapagtanim ng maraming pagaaral ng Bibliya at maraming kapisanan para sa simbahan. Panginoon ingatan kami hanggang dumating ka at kunin kami kasama mo sa Langit. Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong mga kamay, palayain kami sa kasamaan upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.